JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsukitong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2
## Paggamit ng Iba't ibang Uri ng Pangungusap sa Pagsasalaysay ng Napakinggang Balita at Pakikipag-debate ng Nasabing Isyu



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

## Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

**Manunulat:** Elizabeth G. Lecong
Charmine A. Polinar

**Editor:**

**Tagasuri:** Russel Huesca-Mutia
Annabelle A. Pasko

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS – LRMDS

Josephine L. Tomboc, EdD
EPS – Filipino



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang paggamit mga iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng napakinggang balita at pakikipag-debate tungkol sa isang isyu.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.


Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakagagamit ang iba’t ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng napakinggang balita **(F5WG-Iva-13.1)**.
- nakagagamit ang iba’t ibang uri ng pangungusap sa pakikipag-debate tungkol sa isang isyu **(F5WG-IVb-e-13.2)**



# Balikan

Paggawa ng Dayagram ng Ugnayang Sanhi at Bunga.
Tapusin ang dayagram ng sanhi at bunga.




https://images.app.goo.gl/QwSjHWVp18TmfBJD7



# Tuklasin

A. Pakinggan ang balitang babasahin ng iyong magulang o kasama sa bahay. Pagkatapos basahin ang pangungusap na hango sa balita, kilalanin kung anong uri ng pangungusap ang mga ito.

**"Pagpuputol ng mga puno sa Bundok Makiling, Kinondena"**
**Gemma Garcia**

MANILA, Philippines – Mariing kinondena ni dating Environment Secretary at Buhay partylist Rep. Lito Atienza ang pagpuputol ng mga puno ng Department of Public Works and Highways (DPWH) sa paanan ng Bundok Makiling sa Los Baños, Laguna.

Sa privilege speech ni Atienza, sinabi nito na hindi niya papayagan na ang natural resources ng bansa ay masasakripisyo para lamang sa progreso.

Ang tinutukoy ni Atienza ay ang 18 puno na tinatayang mahigit na sa 50 taong gulang ang pinutol sa Barangay Timugan para sa road widening project ng DPWH ng walang kaukulang permiso mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Paliwanag pa ng mambabatas, dapat na matuto na sa nararanasang matinding init sa ngayon dahil sa kawalan ng mga puno sa bansa kaya dapat na mas dapat na magtanim ng maraming puno at alagaan ito.

Umapela ito sa DPWH a DENR na suriing mabuti ang nasabing isyu.

Samantala pinapurihan naman nito si Congressman Joaquin Chipeco, Jr. ng 2nd District ng Laguna dahil sa agad nitong pagpapatigil sa nasabing proyekto.

**Sanggunian:** https://www.philstar.com/pilipino-star-

Tukuyin ang uri ng pangungusap na ginamit sa mga ito. Isulat sa sagutang papel ang ***pasalaysay***, ***patanong***, ***pautos*** at ***padamdam***.

1. Huwag ninyong isakripisyo ang natural resources ng bansa para lamang sa progreso.
2. Alam ba ninyo na mariing kinondena ni dating Environment Secretary Lito Atienza ang pagpuputol ng mga puno sa paanan ng Bundok Makiling?
3. Aba! Mahigit 50 taong gulang na pala ang 18 puno na pinutol sa Barangay Timugan para sa road-widening project ng DPWH.
4. Dapat matuto na tayo sa naranasang init dahil sa kawalan ng puno sa bansa.

5. Pinapurihan ni Rep. Lito Atienza si Congressman Joaquin Chipeco, Jr. sa agad nitong pagpapatigil sa proyekto.

B. Isalaysay ang napakinggang balita gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.

Rubrik sa Pagsasalaysay ng Balitang Napakinggan

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| NILALAMAN<br>• Paggamit ng ibat ibang uri ng pangungusap<br>• lawak at lalim ng pagsasalaysay | | | | | |
| BALARILA<br>• wastong gamit ng wika/salita<br>• baybay, bantas, estruktura ng mga pangungusap | | | | | |
| ORGANISASYON<br>• lohikal na pagkakaayos/daloy ng mga ideya<br>• pagkakaugnay ng mga ideya | | | | | |

5 – Pinakamahusay
4 – Mahusay
3 – Katanggap-tanggap
2 – Mapaghuhusay pa
1 – Nangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay

C. Ipabasa sa iyong magulang o kasama sa bahay ang sumusunod na pagdedebate sa isang isyu.

**Palaaral**: Alam naming kami ay nagdudulot ng kasiyahan sa guro, magulang, lipunan pamayanan at bansa dahil sa aming pagsusunog ng kilay naabot namin ang kaalamang minimithi ng bawat isa. Kami iyong madalas nasa loob ng silid-aralan at masusing isinisilid sa isip ang aralin. Kami iyong kapag tinanong ng guro ay bumubukal sa isipan ang kasagutan. Kami rin ang taga sa panahon dahil madaling makakuha ng hanapbuhay. At naku! kabilang kami sa tagapag-paunlad ng bansa. Kayo, ganun din ba?

**Di-Palaaral**: Oo, kabilang din kami sa tagapagpaunlad ng bansa, bagama't mahina ang aming ulo. Laging uwi ay itlog, kalabasa at palakol sa magulang namin. Naku! Tingnan ninyo pagdating ng panahon may magagagawa din kami sa bayan. man din kami di ba? Paano? Kahit sa panahong di nakakakuha ng mataas na marka at biyernes santo ang mukha kung kulilat sa mga aralin. Isipin din ninyo ang aming kabutihan. Suriin nga ninyo bagamat kami ay natataguriang "Physically Fit" but "Mentally Absent", mayroon kaming natatagong talino na magpapaunlad ng sarili, tahanan, pamayanan at bansa. Alam ba ninyo, mahina ang ulo namin ngunit may lakas at natatagong galing kami sa ibang gawain na kung minsan ito ang kailangan din naman, di ba?

**Tagapamagitan**: Tama kayong dalawa sabi nga kapag walis ay binigkis nagdudulot ng kasaganaan at katagumpayan ng pamilya at bansa.

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=U9LlNQHHkfc

Panuto: Magbigay ng mga pangungusap na ginamit sa debateng iyong napakinggan. Kumpletuhin ang tsart sa ibaba.

| PASALAYSAY | PAUTOS | PATANONG | PADAMDAM |
| --- | --- | --- | --- |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



# Suriin

Gumagamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng napakinggang balita at sa pakikipag-debate sa nasabing isyu.

Apat na uri ng pangungusap ayon sa gamit:

1. **Pasalaysay** – Nagbibigay ito ng impormasyon o kaalaman. Nagtatapos sa tulodk (.).
   Mga halimbawa:
   - Malamig ang simoy ng hangin tuwing Disyembre.
   - Si Dr. Jose P. Rizal ay kinikilalang bayani ng ating lahi.
2. **Patanong** – Nagtatanong ito o humihiling ng kasagutan. Nagtatapos sa tandang pananong (?).
   Mga halimbawa:
   - Saang bansa nagsimula ang paglaganap ng virus na COVID-19?
   - Kailan magkakaroon ng bakuna laban sa COVID-19 ang Pilipinas?
3. **Pautos** – nag-uutos o nakikiusap ito. Nagtatapos sa tuldok (.).
   Mga halimbawa:
   - Kunin mo ang aklat sa ibabaw ng mesa.
   - Huwag kang lalabas ng bahay.
4. **Padamdam** – Nagsasaad ito ng matinding damdamin tulad ng tuwa, lungkot, pagkagulat, at iba pa. Nagtatapos ito sa tandang padamdam (!).
   Mga halimbawa:
   - Kay ganda ng bansang Pilipinas!
   - Naku! Binasag mo pala, ang mamahaling plorera ni Anna.



# Pagyamanin

Pakinggang mabuti ang balitang babasahin ng iyong magulang o kasama sa bahay.

**Sputnik V (Bakuna sa COVID-19)**

Ang Sputnik V ay ang unang rehistradong bakuna sa mundo na batay sa napag-aralan nang mabuti na plataproxmang batay sa adenoviral vector sa tao. Kasalukuyan itong kasama sa 10 nangungunang kandidatong bakuna na nalalapit sa katapusan ng mga klinikal na pagsubok at sa simula ng maramihang pagpapagawa sa listahan ng Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan (World Health Organization, WHO).

40,000 boluntaryo ang kasali sa kasalukuyang isinasagawang klinikal na pagsubok ng Sputnik V pagkatapos ng pagrehistro sa Ruso. Ipinahayag ang mga klinikal na pagsubok ng Sputnik V sa UAE, Indya, Venezuela at Belarus. Ang bisa ng bakunang Sputnik V ay 91.4%, batay sa pangalawang pansamantalang pagtatasa ng mga datos na nakuha 28 araw pagkatapos ibigay ang unang dosis (7 araw pagkatapos ng pangalawang dosis).

Ang RDIF ay nakipagtulungan sa mga katuwang at mga pagawaan upang padamihin ang paggawa ng Sputnik V. Ang halaga ng isang dosis ng bakuna para sa mga internasyonal na merkado ay mas mababa sa $10 (Ang Sputnik V ay isang bakunang nangangailangan ng dalawang dosis). Ang lyophilized (tuyo) na uri ng bakuna ay maaaring itago sa temperaturag +2 hanggang +8 centigrado.

Ang mga order para sa higit 1.2 bilyong dosis ng bakunang Sputnik V ay nagmula sa higit 50 bansa. Ang mga supply ng bakuna para sa pandaigdigang merkado ay gagawin ng mga internasyonal na katuwang ng RDIF sa Indiya, Brasil, Tsina, Timog Korea at iba pang mga bansa. Binuo ang website na ito upang makapagbigay ng tumpak at napapanahong impormasyon tungkol sa Sputnik V.

Registration certificate ng Russian Health Ministry

Ang bakuna ay pinangalanan batay sa unang Soviet space satellite. Ang paglipad ng Sputnik-1 noong 1957 ay nagpasigla sa pananaliksik ng space sa buong mundo, na lumilikha ng tinatawag na “panahon ng Sputnik” para sa pandaigdigang pamayanan. Sa kasalukuyan, mayroong higit 200 iba’t ibang bakuna ng COVID-19 na isinasagawa sa buong mundo.

Sanggunian :https://sputnikvaccine.com/fil/about-vaccine

A. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba na hango sa napakinggang balita at palitan ang mga pangungusap sa bawat bilang ng itinakdang uri sa loob ng kahon.

1. Ang Sputnik-V ay ang unang bakuna sa mundo batay sa adenoviral vector sa tao.

   Patanong:

2. Kanino nakipagtulungan ang RDIF upang padamihin ang paggawa ng Sputnik-V?

   Pautos:

3. Saan ipinahayag ang mga klinikal na pagsubok ng Sputnik-V?

   Padamdam:

4. Ang mga order para sa higit 1.2 bilyong dosis ng bakunang Sputnik V ay nagmula sa higit 50 bansa.

   Padamdam:

5. Bakit nabuo ang website na pinagkukunan ng impormasyong ito?

   Pasalaysay:

B. Isalaysay muli gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.

___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________

Rubrik sa Pagsasalaysay ng Balitang Napakinggan

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| NILALAMAN<br>• Paggamit ng ibat ibang uri ng pangungusap<br>• lawak at lalim ng pagsasalaysay | | | | | |
| BALARILA<br>• wastong gamit ng wika/salita<br>• baybay, bantas, estruktura ng mga pangungusap | | | | | |
| ORGANISASYON<br>• lohikal na pagkakaayos/daloy ng mga ideya<br>• pagkakaugnay ng mga ideya | | | | | |

5 – Pinakamahusay
4 – Mahusay
3 – Katanggap-tanggap
2 – Mapaghuhusay pa
1 – Nangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay

C. Sumulat ng debate ukol sa paksang: “Dapat bang itigil ang pagpuputol ng mga puno sa Bundok Makiling?”
Unang pangkat – sang-ayon:
ikalawa pangkat – di sang-ayon:

Gumamit ng iba’t ibang uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa itinakdang isyu na pagtatalunan.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Rubrik sa Pagsusulat ng Debate

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| PANGANGATUWIRAN<br>• naipaliliwanag ang pananaw tungkol sa isyu<br>• gumamit ng magagalang na pananalita | | | | | |
| ORGANISASYON<br>• lohikal na pagkakaayos/daloy ng mga ideya<br>• pagkakaugnay ng mga ideya | | | | | |

5 – Pinakamahusay 4 – Mahusay
3 – Katanggap-tanggap 2 – Mapaghuhusay pa
1 – Nangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay



# Isaisip

- Ang balita at debate na ating maririnig ay madali nating maisalaysay kung ito ay ating pakinggan at unawaing mabuti.

- Maisalaysay natin muli ang ating napakinggang balita at debate ng isang isyu sa pamamagitan ng paggamit ng ating sariling salita gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap tulad ng pasalaysay, pautos, patanong at padamdam.



# Tayahin

Makinig nang maayos sa iyong magulang o kasama sa bahay habang binabasa ang balita sa ibaba.

**Tinderong Naapektuhan ng Pandemya Ginawan ng Online Store ng Kostumer**

Pinakasikat na yatang vendor sa Angeles City, Pampanga si Angelito Gino-gino, o mas kilala bilang "Lolo Pops." Halos 3 dekada na siyang nagtitinda sa kalsada kaya napamahal sa kaniya ang mga Kapampangan na itinuturing niyang pamilya. Nakuha niya ang kaniyang palayaw sa pagtitinda ng mga lollipop noon. Ngayon, naglalako na rin siya ng pastillas at pulburon.

"Fifteen years na ako sa Pampanga. Dati, sa lansangan lang ako natutulog," ani Gino-gino, na dating taga-Malabon. "Nagbabalik-balik lang ako, hanggang sa nabigyan ako ng bahay sa may Santo Rosario," dagdag niya. Nang dumating ang pandemya, naapektuhan ang kaniyang kabuhayan at halos wala siyang kinita. "Minsan, nagtitinda ka, bawal. Minsan, papaalisanin ka. Natural, inuunawa ko kasi bawal talaga magtinda," ani Gino-gino.

Isang mag-asawa ang naghatid ng maagang pamasko para kay "Lolo Pops" at ginawan siya ng online store. "Sigurado po ako, masaya ang Pasko ni Lolo Pops kasi dagsa po 'tong order," ani Arianne Ocampo, na tumulong kay Gino-gino. Masaya rin para kay "Lolo Pops" ang kaniyang mga suki. "Sobrang hardworking niya. Sana, bigyan pa siya ng mas maraming years," ani Wens Lorenzo. "Napakabuti niyang tao, kaya masasabi kong lolo namin siya lahat dito," sabi naman ni Crisan Martinez.

Sa loob lang ng 4 na araw, halos 1,000 pakete ng pastillas at pulburon ang naibenta ni Gino-gino. "Ako'y lubos na nagpapasalamat sa mga nag-o-online sa akin, sa sumusuporta," aniya.

**Sanggunian**:https://news.abs-cbn.com/life/11/05/20/tinderong-naapektuhan-ng-pandemya- ginawan-ng-online-store-ng-kostumer?fbclid=IwAR0JDhC7T_eUVTSiEBL-4H88VIblKoP6dwhSvSX2ZWrJXYVdViRcBtWKYPw

**A. Panuto**: Ang sumusunod ay ang sasalaysay ng napakinggang mong balita. Buuin ito sa pamamagitan ng pagpili ng mga angkop na pangungusap para dito na nakapaloob sa kahon. Tukuyin kung ito ay ***pasalaysay***, ***pautos***, ***patanong*** at ***padamdam***.

Narinig na ba ninyo ang balita tungkol sa isang matandang vendor na biglang sumikat? Halika, (1)_______ at sasabihin ko ang kabuuan nito.

Halos 3 dekada na pala ng nagtitinda sa kalsada ang ating bida na tinaguriang "Lolo Pops". Ngunit, (2)______________________?

(3) __________ kaya't nagkaroon siya ng palayaw na "Lolo Pops". Ngayon naglalako na rin siya ng pastillas at pulburon. Labing limang taon na daw siya sa Pampanga at dati natutulog lang sa lansangan, hanggang sa nabigyan siya ng bahay sa Santo Rosario.

Nang dumating ang pandemya, at halos wala siyang kinita dahil sa bawal magtinda sa lansangan. Sa loob ng apat na araw (4)___________. Halos 1,000 pakete ng pastillas at pulburun ang naibenta ni Gino-gino. (5)____________________________________________________________.

- Nagtitinda siya ng lollipop noon
- Siya ay lubos na nagpapasalamat sa nag-o-online sa kanya.
- pakinggan ninyo ako
- aba, nakarami ng benta si Lolo Pops!
- Bakit kaya siya tinawag sa taguring ito?

**B.** Bumuo ng mga pangungusap batay sa napakinggang balita.

**Pasalaysay**

1. ______________________________________________

**Patanong**

2. ______________________________________________

**Pautos**

3. ______________________________________________

**Padamdam**

4. ______________________________________________
5. ______________________________________________



# Karagdagang Gawain

Magbahagi ng isang pangyayaring nasaksihan sa iyong paligid. Gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

Answers may vary

**Pagyamanin**

A. Answers may vary
B. Answers may vary
C. Answers may vary

**Tuklasin**

A.
1.Pautos
2.Patanong
3. Padamdam
4. Pautos
5. Pasalaysay

B.
Answers may vary

C.
Answers may vary

**Karagdagang Gawain**

Answers may vary

**TAYAHIN:**

**A.**
1. pakinggan ninyo ako (pautos)
2. Bakit kaya siya tinawag sa taguring ito? (patanong)
3. Nagtitinda siya ng lollipop noon (pasalaysay)
4. aba, nakarami ng benta si Lolo Pops! (padamdam)
5. Siya ay lubos na nagpapasalamat sa nag-o-online sa kanya. (pasalaysay)

**B.** Answers may vary

# Sanggunian


"Ink affected by the customer's online store." ABS-CBN News. Last updated November 5, 2020. Accessed November 2020. https://news.abs-cbn.com/life/11/05/20/tinderong-naapektuhan-ng-pandemya-ginawan-ng-online-store-ng-kostumer?fbclid=IwAR0JDhC7T_eUVTSiEBL-4H88VIblKoP6dwhSvSX2ZWrJXYVdViRcBtWKYPw.

"Metro Manila at ilang bayan sa Luzon lumubog sab aha." Accessed December 2020. https://images.app.goo.gl/QwSjHWVp18TmfBJD7.

"Vaccine." Accessed December 2020. https://sputnikvaccine.com/fil/about-vaccine.

Cabangon, Wenelyn. "Ang debate ng palaaral at di-palaaral." February 25, 2017. Youtube video, 2:13. https://www.youtube.com/watch?v=U9LlNQHHkfc.

Department of Education. *Filipino 5 learners' guide*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Filipino 5 teachers' guide*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies Filipino 5*. Philippines: Department of Education, 2020.

Garcia-Amargo, Gemma. "Pagputol ng mga puno sa Mt. Makiling Kinondena." Pilipino Star Ngayon. May 10, 2014. Accessed December 2020. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2014/05/10/1321338/pagpuputol-ng-mga-puno-sa-mt-makiling-kinondena.